# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 5*
# *Sa Paglilingkod sa Dios*

***''12 At ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong Dios, kundi matakot ka sa Panginoon mong Dios, lumakad ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya, at paglingkuran mo ang Panginoon mong Dios, ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo.'' (Deutronomio 10 :12 KJV)***

Ang pagkatakot sa Dios ay napaka halaga bago simulan ang paglilingkod sa Panginoon. Kung natatakot ka sa Dios, kung gayon ikaw ay lalakad sa mga daan ng Dios at hindi sa daan ng sanglibutan, at sa ganitong paraan ay maipapakita mo na iniibig mo Siya at ikaw ay nasa tamang daan upang kusang pumunta na maglingkod sa Kanya.

Sa pagtatakda ng pamahalaan pinayuhan si Moises na maglagay ng mga hukom sa mga tao, at binigyan siya ng mga pamantayan kung paano niya pipiliin ang mga taong may kakayahang sa mga taong kanyang sinanay, ***''21 Bukod dito'y hahanap ka sa buong bayan ng mga taong bihasa, gaya ng matatakutin sa Dios, na mga taong mapagpatotoo, na mga napopoot sa kasakiman; at siyang mga ilagay mo sa kanila, na magpuno sa mga lilibuhin, magpuno sa mga dadaanin, magpuno sa mga lilimangpuin, at magpuno sa mga sasangpuin:'' (Exodo 18 :21 KJV)*** Siya'y inutusan na humirang na mga tao, una na sila'y natatakot sa Dios. Ang mga manggagawa at pinuno ng simbahan ay hindi dapat pumili batay sa mga talento, o kakayahan, o mga kaloob ng espiritu, kundi may pagkatakot sa Dios. Sa mga natatakot sa Dios kaya nilang maglingkod at ingatan ang paglilingkod at ministerio sa paraang kalugod-lugod sa Dios. Dahil sa mga nangangatakot sa Dios sila'y mga tapat, makaDios, matapat, at ang Banal na Espiritu ay sumasa kanila at Siya ang tutulong sa kanila, at aalalay sa kanilang ministerio na nagmula Dios. Kaya sa pagpapanatili sa mga pastor, manggagawa at pinuno ng simbahan na nangangatakot sa Dios ay magbabahagi ng Kabanalan at takot sa Panginoon sa Simbahan ng Dios. Ngunit ang mga pinuno na hindi natatakot sa Dios na ang kanilang puso ay nagnanasa sa materyal na mga bagay, sa pagibig sa salapi at makamundong mga bagay ay magbabahagi ng immoralidad, pakikipagkompromiso, kamunduhan, hindi mabuting katiwala, at sa huli'y pagkakabahagi-bahagi at paghila sa mga tao na sumama sa kanila para maglingkod sa kanilang masamang motibo at layunin.

Si Moises sa ng utos ng Dios ay isinulong ng mga bagay na dapat gawin ng bawat isa at bawat Hari na kapag sila'y iniluklok upang mamahala bilang hari, ***''18 At mangyayari, na pagka siya'y luluklok sa luklukan ng kaniyang kaharian, ay kaniyang susulatin ang isang salin ng kautusang ito sa isang aklat, na nasa harap ng mga saserdote na mga Levita:'' (Deutronomio 17 :18 KJV)*** Na ang hari ay dapat sumulat ng kanyang sariling kopya ng Bibliya, at sa panahong iyon ang Bibliya ay mayroong limang aklat na sinulat ni Moises (Genesis, Exodu, Leviticus, Bilang at Deutronomio). Gagawin niya iyon para sa sumusunod na layunin : ***''19 At mamamalagi sa kaniya, at kaniyang babasahin sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay: upang siya'y magaral na matakot sa Panginoon niyang Dios, upang isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito at ng mga palatuntunang ito;'' (Deutronomio 17:19 KJV)*** Ang kopya na kanyang isusulat ng kanyang sariling kamay at iingatan niya sa lahat ng araw ng kanyang buhay, na patuloy na basahin, upang para sa kanya ay matuto na matakot sa Dios, at habang natututo siyang matakot sa Dios, kung gayon iingatan niya at mga kautusan at palatuntunan at ang mga paghatol ng Dios. Sa ganitong paraan itinalaga ng Dios ang daan para sa matakot sila sa Kanya, sa pamamagitan ng pagpaparami ng sarili nilang kopya ng Bibliya, upang pahalagahan ito, at upang gugulin dito ang mahalagang panahon at pagsisikap, at basahin ito at pagnilayan kung anong nakasulat, marahil ang mga pagkilos na iyon ay magkakaloob sa kanila ng takot sa Dios na magbibigay daan sa kanila na ingatan ang mga kautusan at palatuntunan at ang mga paghatol ng Dios. Marahil si Jesus sa pagiging Hari nang Siya ay pumarito maaring siya ay nagsulat ng kanyang sariling kopya ng Kasulatan.

Sa ngayon ang Biblya ay nariyan kahit sa natutuping mga kopya at hindi binabasa ng mga tao, gaano pa kaya kung hiniling sa atin na magsulat ng sarili nating kopya? Ang mga tao ay may panahon at salapi at pagsisikap na igugol sa maraming mga bagay ngunit hindi nagbabasa ng Bibliya. Ngunit tayo'y magpatuloy na magbasa ng Biblya, araw-araw apat na kabanata, araw-araw, mula sa simula hanggang sa katapusan sa pagkakasunod-sunod, aklat sa aklat, kabanata sa kabanata, talata sa talata, walang paglukso mula sa iba't ibang dako, at kapag natapos natin ang buong Bibliya magsimula muli mula sa simula. Patuloy nating pagnilayan ito at isagawa ito sa ating buhay.

***''3 Sinabi ng Dios ng Israel, Ang malaking bato ng Israel ay nagsalita sa akin: Ang naghahari sa mga tao na may katuwiran, Na mamamahala sa katakutan sa Dios,'' (2 Samuel 23:3 KJV)*** Binigyang-diin ni David ang kahalagahan ng pagkatakot sa Dios sa mga nakatakdang mamahala, at dagdag niyang sinabi, ***"4 Siya'y magiging gaya ng liwanag sa kinaumagahan pagka ang araw ay sumisikat, Sa isang umagang walang mga alapaap; Pagka ang malambot na damo ay sumisibol sa lupa, Sa maliwanag na sikat pagkatapos ng ulan." (2 Samuel 23:4 KJV)*** Ang liwanag ng katuwiran ng Dios ay magniningning sa pamamagitan ng mga namamahala nang may takot sa Dios. Ang isang namamahal ay dapat matakot sa Dios upang siyang maging

isang matapang na tao na kayang harapin ang kasalanan at harapin sa mga gumagawa ng masama, at inilarawan dito na sila'y susunugin ng apoy: ***''6 Nguni't ang mga di banal ay ipaghahagis na gaya ng mga tinik, Sapagka't hindi nila matatangnan ng kamay : 7 Kundi ang lalake na humipo sa kanila, Marapat magsakbat ng bakal at ng puluhan ng sibat; At sila'y lubos na susunugin ng apoy sa kanilang kinaroroonan.'' (2 Samuel 23 :6-7 KJV)*** Ang pamahalaan ni Jesus ayon sa paglalarawan ni Juan Bautista ay iisa na susunugin niya ang ipa, ***''10 At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa apoy. 11 Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy: 12 Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay.'' (Mateo 3 :10-12 KJV)*** Ang dayami ay hindi makadios, gaya ng sila'y inilarawan sa ***Awit 1, Ang masama ay hindi gayon; kundi parang ipa na itinataboy ng hangin.'' (Awit 1:4 KJV)*** Ang mga may takot sa Diyos sa pamumuno ay may kakayahan at gagamitin ng Diyos upang makitungo sa mga anak ni Belial. Kapag natatakot tayo sa Diyos, tutulungan niya tayong harapin ang gumagawa ng masama na nagsisikap na sirain ang mga gawain at ministeryo ng Diyos.

***''39 Nguni't sa Panginoon ninyong Dios ay mangatatakot kayo; at kaniyang ililigtas kayo sa kamay ng lahat ninyong mga kaaway.'' (2 Hari 17:39)*** Sa mga naglilingkod sa Dios at sa ministerio ng Dios ay dapat matakot sa Panginoon sapagkat sila'y hahadlangan ng diablo at ang karamihan ng mga kaaway, ngunit habang sila'y natatakot sa Dios, ililigtas Niya sila sa lahat ng kanilang mga kaaway. Sa parehong paraan habang tayo'y natatakot sa Dios, Bibigyan Niya tayo ng kakayahang tumayo nang matatag laban sa pagtutol ng diablo at ililigtas Niya tayo mula sa lahat ng masamang gawain ng mga kaaway. Huwag kailanman matakot sa mga tao tulad ng takot mo sa Diyos, at walang sinumang makakatulong sa iyo kundi ang Diyos.

Pinangunahan ni Haring Jehosapat sa kanyang kaharian nang inihalal niya ang mga Levita bilang mga hukom at inutusan sila na magpatuloy at hatulan ang mga tao sa mga bayan ng Juda at Jerusalem ng may takot sa Panginoon, ***''4 At si Josaphat ay tumahan sa Jerusalem: at siya'y lumabas uli sa gitna ng bayan na mula sa Beer-seba hanggang sa lupaing maburol ng Ephraim, at ibinalik niya sila sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang. 5 At siya'y naglagay ng mga hukom sa lupain sa lahat na bayang nakukutaan ng Juda sa bayan at bayan. 6 At sinabi sa mga hukom, Buhayin ninyo kung ano ang inyong ginagawa: sapagka't hindi kayo nagsisihatol ng dahil sa tao, kundi dahil sa Panginoon, at siya'y sumasainyo sa kahatulan. 7 Ngayon nga'y sumainyo nawa ang takot sa Panginoon; magsipagingat kayo at inyong gawin: sapagka't walang kasamaan sa Panginoon nating Dios, o tumangi man sa mga tao, o tumanggap man ng mga suhol. 8 Bukod dito'y naglagay si Josaphat sa Jerusalem ng ilan sa mga Levita, at sa mga saserdote, at sa mga pangulo sa mga sangbahayan ng mga magulang ng Israel, dahil sa kahatulan ng Panginoon, at sa mga pagkakaalitan. At sila'y nagsibalik sa Jerusalem. 9 At kaniyang binilinan sila, na sinasabi, Ganito ang inyong gagawin, sa takot sa Panginoon, na may pagtatapat, at may sakdal na puso. 10 At anomang kaalitan ang dumating sa inyo na mula sa inyong mga kapatid na nagsisitahan sa kanilang mga bayan, na dugo't dugo, kautusan at utos, mga palatuntunan at mga kahatulan, ay inyong papayuhan sila, upang sila'y huwag maging salarin sa Panginoon, at sa gayo'y kapootan ay huwag dumating sa inyo, at sa inyong mga kapatid: ito'y inyong gawin, at kayo'y hindi magiging salarin. 11 At, narito, si Amarias na punong saserdote ay nasa inyo sa lahat ng bagay ng Panginoon; at si Zebadias na anak ni Ismael, na tagapamahala sa sangbahayan ni Juda, sa lahat ng mga bagay ng hari: ang mga Levita rin naman ay magiging mga pinuno sa harap ninyo. Gawin ninyong may katapangan at ang Panginoon ay sumasamabuti nawa.'' (2 Cronica 19 :4-11 KJV)*** Mula sa talatang ito mauunawaan mo na ang pagkatakot sa Panginoon ay magbibigay-kakayahan sa iyo na ipamuhay ang sumusunod na mga alituntunin sa inyong ministeryo sa mga tao:

- ***A. Humatol ka para sa Dios at hindi para sa tao: ''6 At sinabi sa mga hukom, Buhayin ninyo kung ano ang inyong ginagawa: sapagka't hindi kayo nagsisihatol ng dahil sa tao, kundi dahil sa Panginoon, at siya'y sumasainyo sa kahatulan.'' (2 Cronica 19 :6 KJV)*** Kapag ikaw ay natatakot sa Dios sa iyong mga pasya at paghatol ikaw ay tatalima sa Dios at hindi ka papabor at lilihis patungo sa mga kaibigan, kamaganak, ugnayan sa mga pamilya, o maakit sa mga regalo o suhol, ***''7 Ngayon nga'y sumainyo nawa ang takot sa Panginoon; magsipagingat kayo at inyong gawin: sapagka't walang kasamaan sa Panginoon nating Dios, o tumangi man sa mga tao, o tumanggap man ng mga suhol.'' (2 Cronica 19 :7 KJV)***

- ***B. Habang ikaw ay natatakot sa Dios humatol ka ng may sakdal na puso: ''9 At kaniyang binilinan sila, na sinasabi, Ganito ang inyong gagawin, sa takot sa Panginoon, na may pagtatapat, at may sakdal na puso.'' (2 Cronica 19:9 KJV)***

- ***C. Babalaan ang mga gumagawa ng masama na ang poot ng Dios ay darating sa kanila kung sila'y hindi magsisisi:*** Kailangan mong gawin iyon upang palayain ang iyong sarili mula sa pagkakasala

laban sa Dios at mula sa pagtanggap ng poot ng Dios, *''10 At anomang kaalitan ang dumating sa inyo na mula sa inyong mga kapatid na nagsisitahan sa kanilang mga bayan, na dugo't dugo, kautusan at utos, mga palatuntunan at mga kahatulan, ay inyong papayuhan sila, upang sila'y huwag maging salarin sa Panginoon, at sa gayo'y kapootan ay huwag dumating sa inyo, at sa inyong mga kapatid: ito'y inyong gawin, at kayo'y hindi magiging salarin.'' (2 Cronica 19 :10 KJV)***

Ito'y napakahalaga para sa mga naglilingkod sa Dios at ginagawa ang ministerio ng Panginoon upang matakot sa Dios; at magawa nilang makita na ang Dios ay sumasa kanila at Siya mismo ang mamahala sa Kanyang simbahan sa pamamagitan ng kanilang buhay. Habang tayo'y natatakot sa Dios magagawa nating makita na ang Dios ay nasa atin at Siya mismo ang mamahala sa Kanyang buong simbahan sa pamamagitan ng ating buhay.

Ang mga natatakot sa Dios ay mabubuhay dahil nais nilang maglingkod sa Dios, at hindi nila gagamitin ang ministerio sa kagalakan sa posisyon, pribelihiyo, kasakiman para sa pagkakamit o sa paraan para sa ikabubuhay. Si Nehemias sa kanyang pamamahala bilang gobernador sa Jerusalem dahil siya'y takot sa Dios, hindi niya ginamit ang kanyang mga pribelihiyo bilang isang gobernador, ***''14 Bukod dito'y mula sa panahon na ako'y mahalal na kanilang tagapamahala sa lupain ng Juda, mula sa ikadalawang pung taon hanggang sa ikatatlong pu't dalawang taon ni Artajerjes na hari, sa makatuwid baga'y labing dalawang taon, ako at ang aking mga kapatid ay hindi nagsikain ng tinapay ng tagapamahala. 15 Nguni't ang mga dating tagapamahala na una sa akin ay naging pasan sa bayan, at kumuha sa kanila ng tinapay at alak, bukod sa apat na pung siklong pilak; oo, pati ng kanilang mga lingkod ay nagpupuno sa bayan: nguni't ang gayon ay hindi ko ginawa, dahil sa takot sa Dios.'' (Nehemias 5 :14-15 KJV)***

Batid na batid ni Nehemias ang kahalagahan ng pagkatakot sa Dios sa buhay ng pinuno. Kaya nga nang natapos niya ang gawain sa kuta ay inihalal niya ang dalawang tao na may takot sa Dios na magdadala sa pamamahala sa Jerusalem, ***''1 Nangyari nga nang ang kuta ay maitayo, at aking mailagay ang mga pinto, at ang mga tagatanod-pinto, at ang mga mangaawit, at ang mga Levita ay mangahalal. 2 Na aking ibinigay kay Hanani, na aking kapatid at kay Hananias na tagapamahala ng kuta, ang pamamahala sa Jerusalem: sapagka't siya'y tapat na lalake at natatakot sa Dios na higit kay sa marami.'' (Nehemias 7 :1-2 KJV)*** * Kailangan nating ilagay ang mga taong may takot sa Dios, dahil nauunawaan nila ang Kanyang kalooban at nauunawaan at tinatanggap ang mga tagubilin na ibinibigay natin sa kanila, at ang Banal na Espiritu ay kasama nila. * Sa mga taong tunay na may takot sa Dios ay may ilan na lubhang may takot sa Kanya, at nangingibabaw ang iba sa pagpapahayag at pagiging halimbawa ng takot na iyon; at sila ay karapat-dapat na dobleng bahagi ng karangalan na nararapat sa mga taong may takot sa Panginoon. Kaya't kailangan nating alamin kung sinong may takot sa Dios nang higit sa iba at ilagay siya sa pamamahala upang gawin ang responsibilidad.

Mayroong karamihan sa Jerusalem na may takot sa Dios, ngunit ang mabubuting lalaking iyon, si Hanani at Hananiah ay mas kilala sa pananampalataya at tapat sa Kabanalan at sa pagkatakot sa Dios kaysa kaninuman. Ang mga natatakot sa Dios ay dapat ipakita ito sa pagiging taimtim, tapat, at makaDios, at ang Jerusalem ng Diyos ay malamang na umunlad kapag ang mga iyon ay namamahala dito, at namamahala dito, na nangingibaw sa pagkatakot sa Diyos. Sa panahong iyon si Nehemias ay malapit nang bumalik sa hukuman ng Persia upang ipanibago ang kanyang tungkulin, at iyon ang dahilan kung bakit iniwan niya ang dalawang lalaking iyon na karapat dapat na mamamahala sa mga gawain ng lunsod sa kanyang kawalan. Samakatuwid ang mga mabuting gobernador, kung kailan at kung saan hindi nila kayang isagawa ng kanilang sarili, ay dapat na maging napakaingat kung sino ang ilalagay nila sa kahalili nila. Sa parehong paraan kailangan nating malaman kung sino ang inilalagay natin sa halip na tayo ang mamahala at gumawa ng ilang mga gawain para sa isang tiyak na mga oras na hindi tayo makadalo sa mahalagang gawaing iyon.

Ayon sa ***Awit 15:4 ''4 Na sa mga mata niya ay nasisiphayo ang masama; kundi siyang nagbibigay puri sa mga natatakot sa PANGINOON, siyang sumusumpa sa kaniyang sariling ikasasama at hindi nagbabago,''*** Sa mga natatakot sa Panginoon ay kailangang papurihan, "***kundi siyang nagbibigay puri sa mga natatakot sa PANGINOON."*** Kaya si Nehemias sa kanyang pamumuno pinarangalan ang mga nangangatakot sa Panginoon nang higit sa ibang tao at inilagay sila sa pamamahala sa bayan ng Jerusalem. Kailangan nating gawin ang katulad sa mga gawain ng simbahan at magtalaga ng mga taong natatakot sa Dios upang wala nang makamundo, immoral o sakim na mga tao ang matagpuan sa simbahan.

***''Sinomang humamak sa salita ay nagdadala ng kapahamakan sa sarili: nguni't siyang natatakot sa utos ay gagantihin.'' (Kawikaan 13 :13)*** Upang matakot sa Dios ay matakot sa kautusan ng Panginoon at sa mga sumusunod sa mga kautusan ng Dios sila'y gagantimpalaan at iingatan.

Si Haring Darius pagkatapos ng himala na nasaksihan niya nang iniligtas si Daniel mula sa bibig ng mga leon ipinanukala niya ang sumusunod na nagpapakita kung paanong matakot sa Dios, ***''26 Ako'y nagpapasiya, na sa lahat ng sakop ng aking kaharian ay magsipanginig at mangatakot ang mga tao sa harap ng Dios ni Daniel; sapagka't siya ang buhay na Dios, at namamalagi magpakailan man, at ang kaniyang kaharian ay hindi***

***magigiba; at ang kaniyang kapangyarihan ay magiging hanggang sa wakas.'' (Daniel 6 :26 KJV)*** Upang matakot sa Dios ay manginig sa harap ng Dios na kayang gumawa ng dakilang mga himala. Sa mga nakasaksi ng mga himala at dakilang mga gawa ng Dios dapat silang manginig at matakot sa Kanyang presensya.

***''1 Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na iniutos ng PANGINOON ninyong Dios na ituro sa inyo, upang inyong magawa sa lupaing inyong paroroonan upang ariin : 2 Na ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay lumawig.'' (Deutronomio 6 :1-2 KJV)*** Ang pagkatakot sa Diyos ay maibabahagi sa buhay ng bayan ng Diyos kapag ang utos ng Diyos ay ituturo at maibabahagi sa mga tao. Kaya nga patuloy nating itinuturo at ipinatutupad ang utos ng Diyos, ang mga may takot sa Diyos ay nagpapatuloy kasama natin at ang mga walang takot sa Diyos makikita mo silang umaalis sa simbahan. Ganyan ang paglilinis ng Diyos sa Kanyang simbahan.

Inutusan ni Samuel ang mga tao na matakot sa Dios, ***''14 Kung kayo'y matatakot sa Panginoon, at maglilingkod sa kaniya, at makikinig sa kaniyang tinig, at hindi manghihimagsik laban sa utos ng Panginoon, at kayo at gayon din ang hari na naghahari sa inyo ay maging masunurin sa Panginoon ninyong Dios, ay mabuti:'' (1 Samuel 12 :14 KJV)*** Ang pagkatakot sa Dios ay mag-aakay sa iyong maglingkod sa Kanya, at magawa mong makinig at sumunod sa Kanyang tinig, at pigilang maghimagsik laban sa Kanya, at patuloy na sumunod sa Kanya.

Sa iba pang paraan upang ipagkaloob ang pagkatakot sa Dios ay pamamagitan ng pag-iikapu at pagbibigay ng unang bunga, '***22 Gayon din ang mga lalake sa Israel na nagsikubli sa lupaing maburol ng Ephraim, na nang kanilang mabalitaan na ang mga Filisteo ay tumakas, ay nakihabol pati sila sa kanila sa pakikipagbaka. 23 Gayon iniligtas ng Panginoon ang Israel nang araw na yaon: at ang pagbabaka ay napalipat sa Beth-aven.'' (1 Samuel 14 :22-23 KJV)*** Ang pag-iikapu ay nakatuwid at dalhin sa lugar na itinalaga ng Dios para dalhin ninyo. Ang ikapu at unang bunga ay gagamitin sa pagpapanatili ng lugar at ng ministerio ng Dios. Ang lugar na itinuwid ng Dios sa Kanyang bayan na dalhin ang ikapu at ang mga handog at unang bunga ay doon dapat ang mga tao ay magtipon upang maturuan ng Salita ng Dios. Ang Salita ng Dios at ang katuruan ay magipagkakaloob ang takot ng Dios sa buhay ng bayan ng Dios. Na ipinagawa sa mga Israelita pagdating nila sa lupang pangako: ***"11 Pagdating ng buong Israel upang pakita sa harap ng Panginoon mong Dios sa dakong kaniyang pipiliin ay iyong babasahin ang kautusang ito sa harap ng buong Israel sa kanilang pakinig. 12 Pisanin mo ang bayan, ang mga lalake at mga babae at mga bata, at ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, upang kanilang marinig, at upang kanilang pagaralan, at matakot sa Panginoon mong Dios, at isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito ; 13 At upang ang kanilang mga anak, na hindi nakakilala, ay makarinig at magaral na matakot sa Panginoon ninyong Dios, habang kayo'y nabubuhay sa lupain na inyong pinaroroonan, na inyong itinatawid ng Jordan upang ariin.'' (Deutronomio 31 :11-13 KJV)*** Dahil ang ikapu at ang unang bunga ay gagamitin upang panatilihin ang lugar at ang ministerio ng Dios na pag-isipang mabuti para ibigay ang Salita ng Dios at ang disiplina ng kautusan ng Dios sa Kanyang bayan. Sa ngayon ang mga simbahan ay abala sa paglalaan sa programa sa musika, pagtitipon, paglalakbay upang masaya sa paglalakbay, at ibang makamundong mga programa ngunit walang panahon sa pagbibigay sa pagbabasa, pag-aaral at pagpapatupad ng Salita ng Dios. Kaya't ang bayan ng Dios ngayon ay walang takot sa Dios. Ang buhay ng mga alagad ay magiging tiwali kung hindi sila matututo lalo na mula sa Simbahan ng Diyos na matakot sa Diyos.

***''5 At iyong pagmunimuniin sa iyong puso, na kung paanong pinarurusahan ng tao ang kaniyang anak, ay gayon pinarurusahan ka ng Panginoon mong Dios. 6 At iyong tutuparin ang mga utos ng Panginoon mong Dios, na lumakad ka sa kaniyang mga daan, at matakot ka sa kaniya.'' (Deutronomio 8 :5-6 KJV)*** Ang pagkatakot sa Dios ay mapagkakaloob sa puso at sa buhay ng Kanyang bayan sa pamamagitan ng disiplina at paghihirap. Ang kahirapan, mga pagsubok at kaparusahan sa kasalanan ay gagamitin ng Dios upang magawang matakot ng mga tao sa Kanya at matakot sa Kanya. Kaya naman nais ng Dios na disiplinahin natin ang ating mga anak at alagad upang sila'y matakot sa Dios. Ipinangako din ng Panginoon ang pagsaway at bunga sa mga nabigong matakot sa Kanya gaya ng ating babasahin sa susunod na kakikilabot na mga bagay: ***"58 Kung hindi mo isasagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito na nasusulat sa aklat na ito, upang ikaw ay matakot dito sa maluwalhati at kakilakilabot na pangalang, Ang Panginoon Mong Dios. 59 Kung magkagayo'y gagawin ng Panginoon na kamanghamangha ang salot sa iyo, at ang salot sa iyong binhi, malaking salot, at totoong malaon, at kakilakilabot na sakit, at totoong malaon. 60 At kaniyang pararatingin uli sa iyo ang lahat ng mga sakit sa Egipto, na iyong kinatakutan at kakapit sa iyo. 61 Bawa't sakit din naman, at bawa't salot, na hindi nasusulat sa aklat ng kautusang ito'y pararatingin nga sa iyo ng Panginoon, hanggang sa ikaw ay maibuwal. 62 At kayo'y malalabing kaunti sa bilang, pagkatapos na kayo'y naging gaya ng mga bituin sa langit sa karamihan; sapagka't hindi ninyo dininig ang tinig ng Panginoon mong Dios. 63At mangyayari, na kung paanong ang Panginoon ay nagagalak sa inyo na gawin kayong mabuti at paramihin kayo: ay gayon magagalak ang Panginoon sa inyo na ipalipol kayo, at ibuwal kayo; at kayo'y palalayasin sa***

***lupa na inyong pinapasok upang ariin. 64 At pangangalatin ka ng Panginoon sa lahat ng mga bayan, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa; at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga dios, na hindi mo nakilala, ninyo ng inyong mga magulang, sa makatuwid baga'y sa mga dios na kahoy at bato. 65 At sa gitna ng mga bansang ito ay hindi ka makakasumpong ng ginhawa, at mawawalan ng kapahingahan ang talampakan ng iyong paa: kundi bibigyan ka ng Panginoon doon ng sikdo ng puso, at pangangalumata, at panglalambot ng kaluluwa: 66At ang iyong buhay ay mabibitin sa pagaalinglangan sa harap mo; at ikaw ay matatakot gabi't araw, at mawawalan ng katiwalaan ang iyong buhay. 67 Sa kinaumagaha'y iyong sasabihin, Kahit manawari ay gumabi na! at sa kinagabiha'y iyong sasabihin, Kahit manawari ay umumaga na! dahil sa takot ng iyong puso na iyong ikatatakot, at dahil sa paningin ng iyong mga mata na iyong ikakikita. 68 At pababalikin ka ng Panginoon sa Egipto sa pamamagitan ng sasakyan, sa daan na aking sinabi sa iyo, Hindi mo na uli makikita; at doo'y pabibili kayo sa inyong mga kaaway na pinaka aliping lalake, at babae, at walang taong bibili sa inyo." (Deutronomio 28:58-68 KJV)*** Ang mga kaparusahang ito ng Dios ay gagawin upang hayaang matakot ang mga tao sa Kanya. Ang kawalan ng takot sa Dios ay magdadala at matiyak ang huling paghatol ng Dios, ***"At sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig." (Pahayag 14:7)***

***Sa aking mahal at minamahal: "13 Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao." (Manunulat 12:13 KJV)*** Tinutukoy ng Dios ang tungkulin ng tao sa Kanya sa pamamagitan ng pagkatakot sa Dos na maipapakita sa pag-iingat sa lahat ng Kanyang mga kautusan, ***"12 At ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong Dios, kundi matakot ka sa Panginoon mong Dios, lumakad ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya, at paglingkuran mo ang Panginoon mong Dios, ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo." (Deutronomio 10:12 KJV)*** Upang matakot sa Dios ay magtutuwid sa iyo upang maunawaan mo ang kalooban ng Dios at makakatulong sa iyo na manindigan sa Kanyang tuntunin at plano at makipagtulungan sa Kanya at paglingkuran Siya alinsunod sa Kanyang salita at kautusan. Kaya't ipangako ang iyong sarili sa Kanya na matakot sa Kanya at lumakad ng tapat sa Kanya. Tayo ay manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** Amang Dios ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Pangioon salamat para sa malinaw na pagpapakita sa akin ng katotohanan ng Salita ng Dios. Panginoon salamat para sa katuruan na aking tinanggap sa mensaheng ito at binuksan ang aking mga mata tungkol sa kahalagahan ng pagkatakot sa iyo sa buhay at ministerio.

Ating ipahayag at talikuran ang ating mga kasalanan. Ipahayag at talikuran ang hindi ng pagbabasa ng Salita ng Dios, walang takot sa Dios ngunit natatakot sa tao, pakikipagkompromiso, pakunwang pagpupuri, maling mga pasya, hindi maturuan, kamunduhan, pagibig sa materyal na mga bagay, may kinikilingan, hindi tapat sa pagbibigay ng iyong ikapu at unang bunga, Panginoon aking ipinahayag at tinalikuran ang mga sumusunod na mga kasalanan_________________.

Panginoon itatag sa akin ang pagkatakot sa iyo sa aking buhay upang makapanindigan ako para sa iyong kadahilanan at layunin. Panginoon bigyan mo ako ng pagkilala upang magawang matutunan at maunawaan ang iyong kalooban at ang iyong mabuting plano sa aking buhay at sa buhay ng iyong bayan at sa ministerio. Panginoon handa akong magdusa at sumabay sa iyong kalooban sa paglilingkod sa iyo.

Panginoon salamat para sa aking mga kapatid at sa aking mga kapatid na babae na nagsisi sa kanilang mga kasalana at handang maghirap sa mga bunga ng kanilang mga kasalanan at handang sumunod sa iyong Salita at kalooban at mamuhay sa pagkatakot sa iyo. Panginoon gabayan mo sila at gumawa ng tamang desisyon at mabubuting pagpili na mula sa iyo at pangunguna ng Banal na Espiritu. Panginoon protektahan sila at ang kanilang pamilya mula sa masama at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan upang sila'y magpatuloy na maglingkod sa iyo.

Kami'y lumalaban sa lahat ng gawain ng diablo laban sa atin at laban sa simbahan at sa ministeryo ng Diyos. Panginoon bigyan mo kami ng lakas at katapangan bilang isang simbahan upang tumayo nang matatag sa iyong Salita at upang labanan ang mga anak ni Belial at ang gawain ng gumagawa ng masama na ginagamit ng diyablo.

Panginoon ipinangako namin ang aming sarili bilang isang simbahan na sumunod sa iyong katuruan na tinanggap namin sa mensaheng ito na patuloy kaming mangangatakot sa iyo at hindi makipagkompromiso sa tao at gagawin naming kung anong tama at matuwid sa iyong paningin, Panginoon dalangin naming na ang pagkatakot sa iyo ay mapasa sa mga namumuno, sa mga mangagawa at sa mga kasapi ng simbahan at sa lahat ng pamilya na ang bawat isa ay gagawin ang iyong kalooban at plano at mga ministerio na itinalaga mo para sa simbahan. Panginoon puspusin mo mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na

mga kaloob na kailangan naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon ihanda kami para sa iyong pagparito upang kunin kami kasama mo kapag ikaw ay dumating. Panginoon bigyang-daan kami na mag-evangelio at ipalaganap ang iyong Salita. Panginoon tulungan kami at gumawa ng mga alagad at sanayin ang iba na maglingkod sa iyo upang magtanim ng bagong mga kapisanan at pag-aaral ng Bibliya, Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Dios at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Pagkatakot sa Diyos Yugto 5. Sa paglilingkod sa Diyos. Deuteronomio 10:12. Exodo 18:21. Deuteronomio 17:18-19. II Samuel 23:3 -4, 6-7. Mateo 3:10-12. 2 Hari 17:39. 2 Cronica 19:4-11. Nehemias 5:14-15. Nehemias 7:1-2. Mga Awit 15:4. Kawikaan 13:13. Daniel 6:26. Deuteronomio 6:1-2. 1 Samuel 12:14. Deuteronomio 14:22-23. Deuteronomio 31:11-13. Deuteronomio 8:5-6. Deuteronomio 28:58-68. Pahayag14:7. Eclesiastes 12:13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com